

PAG-UNAWA SA INYONG KARAPATAN

Hindi ba kayo nakakapagsalita, nakakabasa, nakakasulat o nakakaunawang mabuti ng Ingles?

May karapatan kayong mabigyang-alam, sumali, at tumanggap ng mga serbisyo, programa, at mga gawaing inilalaan ng Estado at mga organisasyong pinopondohan ng Estado, kahit na hindi kayo nakakapagsalita, nakakabasa, nakakasulat o nakakaunawang mabuti ng Ingles.

Sa ilalim ng batas, ang mga ahensiya ng estado at mga organisasyong pinopondohan ng Estado ng Hawaii at nagbibigay ng serbisyong pampubliko, ay kinakailangang tumulong sa mga taong nahihirapan sa Ingles sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng serbisyong pangwika, gaya ng pagpapaunawa o pagsasalin. Maaari kayong humiling sa ahensiya na bigyan kayo ng tulong sa inyong wika. Mabibigyan kayo ng tulong sa inyong wika kung nababagay ang serbisyo, programa o gawain.

Kung kayo ay humiling ngunit hindi nabigyan ng serbisyong pangwika ng isang ahensiya ng Estado o anumang organisasyon na tumanggap ng pera galing sa Estado, makipag-ugnayan sa Office of Language Access (OLA) upang kayo ay matulungan.

OFFICE OF LANGUAGE ACCESS

Department of Labor and Industrial Relations

830 Punchbowl Street, Suite 322, Honolulu, Hawaii 96813

Phone: (808)586-8730 Fax: (808)586-8733

Email: dlir.ola@hawaii.gov

Web: www.hawaii.gov/labor/ola

Ano ang maaari kong gawin kung hindi ako nabigyan ng mga nakalaang serbisyong pangwika?

<p>PANSARILING-TULONG</p> <p>▼</p> <p>PAMPUBLIKONG REKLAMO ng hindi-pagtupad</p> <p>▼</p> <p>PABATID (1-5 araw ng trabaho)</p> <p>▼</p> <p>PAGSUSURI (1-10 araw ng trabaho)</p> <p>▼</p> <p>PAGPUPULONG (10 araw ng trabaho)</p> <p>▼</p> <p>PABATID SA AHENSIYA (15 araw ng trabaho)</p> <p>▼</p> <p>IMBESTIGASYON</p> <p>▼</p> <p>ULAT</p> <p>▼</p> <p>REKOMENDASYON</p> <p>▼</p> <p>KASAGUTAN (30 araw ng trabaho)</p> <p>-----</p> <p>ADR</p>	<p>: Subukang makipag-ugnayan at lutasin ang problema sa ahensiya ng estado o sa Language Access Coordinator ng organisasyong-pinoponduhan ng estado.</p> <p>: Makipag-ugnayan sa OLA at ibigay ang detalye, napirmahan, nakasulat na pagpapaliwanag, kasama na rito ang pangalan ng ahensiya/organisasyon, paglalarawan ng serbisyong hiniling, mga petsa, lugar at mga saksi.</p> <p>: Padadalhan kayo ng OLA ng pabatid sa pagkatanggap ng reklamo.</p> <p>: Susuriin ng OLA ang inyong reklamo upang alamin ang awtoridad at kung ang reklamo ay nagtataglay ng hindi pagtupad na pahayag. Kung walang basehan ang reklamo, ipapaalam sa inyo na hindi ito ipagpapatuloy ng OLA.</p> <p>: Makiikipagpulong sa inyo ang OLA upang talakayin ang reklamo.</p> <p>: Ipapabatid ng OLA ang reklamo sa ahensiya ng estado/organisasyon na pinoponduhan ng estado</p> <p>: Mag-iimbestiga ang OLA at susubukan itong bigyan ng resolusyon sa ahensiya ng estado/organisasyon na pinoponduhan ng estado sa pamamagitan ng impormal na pamaraan.</p> <p>: Kung walang resolusyon, ang ulat at rekomendasyon ay ibibigay sa OLA Executive Director.</p> <p>: Magbibigay ang OLA Executive Director ng rekomendasyon sa ahensiya ng estado/organisasyon na pinoponduhan ng estado</p> <p>: Ipapaalam ng ahensiya ng estado/organisasyon na pinoponduhan ng estado sa Executive Director ang alinmang aksyon na isinagawa ayon sa rekomendasyon ng Executive Director. Ipapaalam sa inyo ang kasagutan ng ahensiya ng estado/organisasyon na pinoponduhan ng estado.</p> <p>: Kung sumasang-ayon ang mga partido, ang reklamo ay maaaring isangguni sa Mediation Centers ng Hawaii para sa posibleng alternatibong paglutas ng hindi pagkakaunawaan, kasama na ang may tagapamagitan.</p>
--	--

• **Diskriminasyon at Ibang Reklamo.** Maaari rin kayong magsampa ng kasong diskriminasyon o ibang reklamo sa ibang panggobyernong opisina ng estado at pederal habang nakasampa ang reklamo sa OLA na hindi pagtupad.

Pag-urong ng Pampublikong Reklamo. Maaari ninyong iurong ang inyong pampublikong reklamo anumang oras sa pamamagitan ng pagsagot at pagsumite ng opisyal na pag-urong na pormas sa OLA.